# MGA KARAPATAN NG MGA BOTANTE
# Estado ng Nevada

Ayon sa deklarasyon ng Lehislatura ang bawat botante ay may karapatan:

1. Na Tumanggap ng balota at bumoto na:

   (a) Nakasulat sa malinaw na paraan ang pagkilala ng mga kandidato; at

   (b) Matalaan ng tumpak ayon sa kagustuhan ng botante ang napili na kandidato.

2. Na ang kanyang mga katanungan tungkol sa mga pamamaraan ng pagboto ay masagot at magkaroon ng paliwanag ng mga pamamaraan ng pagboboto at ito'y naka-lagay sa isang hayag na lugar sa lugar ng botohan.

3. Makaboto ng walang kinakatakutan, napagbabantaan o pinilit.

4. Makaboto sa araw ng halalan sakali mang ang botante ay nakapila sa lugar ng botohan upang makaboto bago mag ika-7:00 ng gabi at hindi pa siya naka-boto.

5. Makasauli ng sirang balota at may karapatang tumanggap muli ng kapalit na balota.

6. Makahingi ng tulong sa pagboboto, sakaling kinakailangan.

7. Makatanggap ng sampol na balota na tumpak, nakapagtuturo at matanggap ito sa napapanahong paraan.

8. Makatanggap ng pagtututro sa paggamit ng kagamitan ng pangboto sa panahon ng maagang pagboto o sa araw ng halalan.

9. Mabigyan ng katumbas na pagkakataon na maka-pasok sa sistema ng halalan, kabilang ang, walang limitasyon ang isang botante na matanda, may kapansanan, miyembro ng isang minoryang pangkat, nagtatrabaho sa militar o isang mamayan na nasa ibang bansa.

10. Magkaroon ng isang pare-pareho, sa buong estado na pamantayan na tumpak na pagbilang at muling pagbilang ng lahat ng mga boto.

11. Mabigyang pansin ang mga reklamo ukol sa mga halalan at mga paligsahan sa halalan at ang mga ito ay malutas sa tumpak at maayos na paraan.

**VOTERS' BILL OF RIGHTS**